

Pangkalahatang-ideya ng Pagsusuri sa COVID-19 sa Sektor ng Edukasyon

Epektibong petsa: 6.4.2021

Nilalayong Madla: Administrador at Kawani sa Sektor ng Edukasyon

Layunin: Nagbibigay ang dokumentong ito ng patnubay sa pagsusuri para sa mga essential worker sa sektor ng edukasyon

Pangkalahatang-ideya ng Pagsusuri sa COVID-19 sa Sektor ng Edukasyon

Ang pagsusuri sa COVID-19 ay patuloy na nagbabago habang ang mga propesyonal sa healthcare at pampublikong pangkalusugan ay umaangkop ng kanilang mga diskarte at natututo mula sa bumubuong mga pinakamahusay na pamamaraan. Ang sumusunod na impormasyon ay nagdaragdag sa mga rekomendasyon sa pagsusuri sa dokumento ng [Muling Pagbubukas ng Mga Paaralang K-12 sa Santa Clara County](#) na inilabas ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng Santa Clara County (SCCPHD).

Habang mas maraming siyentipikong data ang natitipon at habang ang mga teknolohiya at mga sistema sa pagsusuri ay umuusbong, ang mga rekomendasyon ng SCCPHD para sa pagsusuri sa COVID-19 ay maaaring magbago. Mahalagang tandaan na ang mga pagbabago sa patnubay ay hindi nangangahulugan na mali ang dating patnubay; sa halip, ang mga pagbabago ay batay sa pagkakaroon ng mas mahusay na impormasyon at kagamitan sa mabilis na umuusbong na sektor ng pagsusuri.

Para sa layunin ng mga alituntunin sa ibaba, ang "pagsusuri" ay tumutukoy sa mga molekular, dyagnostikong pagsusuri (hal. Reverse Transcription Polymerase Chain Reaction - RT-PCR o PCR), sa halip na antigen o antibody na pagsusuri. Ang SCCPHD ay kasalukuyang walang mga rekomendasyon para sa mga pamamaraan ng pagsusuri maliban sa proseso ng PCR nasal swab.

Nagpalabas ang SCCPHD ng pinahusay na Mga Pananagutan sa Pagsusuri sa Mga Pasilidad ng Healthcare na [Kautusan ng Pampublikong Pangkalusugan](#) noong Setyembre 16, 2020 ("Kautusan ng Pagsusuri"). Sa ilalim ng Kautusan ng Pagsusuri, ang mga taong nagtatrabaho sa sektor ng edukasyon na madalas na nakikipaghalubilo sa mga estudyante, o sa publiko ay itinuturing na essential worker. Kabilang sa sektor ng edukasyon ang mga pampubliko at pribadong establisimyento ng pag-aalaga ng bata, mga pampubliko at pribadong programang pre-kindergarten, mga pampubliko at pribadong paaralang primarya at sekondarya, at mga pampubliko at pribadong kolehiyo at unibersidad. Ang Kautusan ng Pagsusuri ay nangangailangan sa mga malalaking sistema ng pangkalusugan (tulad ng Kaiser o Palo Alto Medical Foundation) na:


- Magbigay sa mga essential worker ng PCR COVID-19 na dyagnostikong pagsusuri sa loob ng tatlong araw ng trabaho mula sa paghiling ng essential worker;
 - (Ang mga essential worker ay maaaring humiling na magpasuri hanggang sa isang beses bawat labing-apat na araw ng kalendaryo.)
- Magbigay ng mga resulta sa loob ng tatlong araw ng kalendaryo;
- Magbigay ng malinaw na paunawa sa mga pasyente hinggil sa kung paano ma-access ang Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19; at
- Tiyaking madali at deretso ang pag-access sa dyagnostikong pagsusuri sa COVID-19.

Mga Kinakailangan at Rekomendasyon sa Pagsusuri sa COVID-19

Ang mga indibidwal na nagkaroon ng mga sintomas ng COVID-19 at ang mga nakipagsalamuha nang malapitan sa isang indibidwal na nasuring positibo ay kinakailangang magpasuri para sa COVID-19. Inirerekomenda ng SCCPHD na ang mga nagtuturo at iba pang kawani ng paaralan na nagtatrabaho sa lokasyon at madalas na nakikipaghalubilo sa mga estudyante o sa publiko na magpasuri bago bumalik sa isang lugar, pati na rin upang lumahok sa regular na pagsusuri ng hindi bababa sa isang beses sa isang buwan.

Para sa mga indibidwal na dating nasuring positibo, malamang na magpapatuloy silang magpositibo ng hanggang sa 90 na araw sa PCR na pagsusuri, kahit na hindi na sila nakakahawa. Samakatuwid, hindi inirerekomenda ang pagsusuri sa panahong ito.

Pagkatapos ng 90-araw na tagal na panahon, ang isang taong may mga sintomas na tulad ng COVID, ay maaaring magpasuri muli alinsunod sa pagsusuri ng isang doktor.



*If tested too soon after exposure, a false-negative test result is a possibility. If an asymptomatic person tests less than 3 days after contact, it is recommended that they test again 7-10 days after contact.

Pag-access sa Pagsusuri

Inirerekomenda ng SCCPHD na ang mga nagtuturo at iba pang kawani ng paaralan na nagtatrabaho sa lokasyon at madalas na nakikipaghalubilo sa mga estudyante o sa publiko ay dapat munang tangkain na mag-access ng baseline at regular na pagsusuri sa pamamagitan ng kanilang healthcare provider. Ang mga essential worker na walang sintomas na hindi makakatanggap ng pagsusuri mula sa kanilang healthcare provider ay makapagbigay-alam sa SCCPHD sa pamamagitan ng [sccCOVIDconcerns.org](https://www.sccCOVIDconcerns.org) at magbigay ng impormasyon tungkol sa kanilang karanasan.

Bilang pangalawang opsyon, nag-aalok ang SCCPHD ng libreng pagsusuri sa bawat lungsod sa county sa isa hanggang dalawang araw ng linggo bawat buwan. Ang mga lokasyon na ito ay batay sa appointment upang suportahan ang mabilis na pagsusuri na karanasan. Nag-aalok ang lokasyon sa Fairgrounds ng batay sa appointment, drive-through na pagsusuri at bukas ito pitong araw sa isang linggo. Bilang karagdagan, ang County ng Santa Clara ay nag-aalok ng dalawang mga lokasyon ng pagsusuri kung saan ang mga indibidwal na walang sintomas ay maaaring magpasuri. Ang mga lokasyon na ito ay karaniwang sa East San Jose at Gilroy. Ang mga detalye para sa bawat lokasyon ng pagsusuri at mga paparating na mga petsa ng pagsusuri ay matatagpuan sa [SCCFreeTest.org](https://www.sccFreeTest.org).

Ang mga entidad na pang-edukasyon ay maaari ring piliing makipagkontrata ng appointment sa isang pribadong vendor upang magbigay ng regular na surveillance na pagsusuri sa lokasyon.

Pagsusuri sa COVID-19: Ang Mga Pangunahing Kaalaman

Mayroong tatlong mga pag-uuri ng mga pagsusuri na nauugnay sa COVID-19: Molecular (PCR); Antigen; at Antibody. Ang mga katangian ng mga pagsusuri ay [naka-highlight dito](#).

Mga Mapagkukunang Pagsusuri sa COVID-19

[COVID-19 at Balangkas ng Muling Pagbubukas ng Personal na Pagtuturo at Patnubay sa Pamublikong Pangkalusugan para sa Mga Paaralang K-12 sa California, Taon ng Pag-aaral 2020-2021](#) (Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng California)

[Mga Pagsasaalang-alang sa Pagsusuri ng CDPH para sa mga LEA at Mga Komunidad ng Paaralan](#) (Task Force ng Pagsusuri sa COVID-19 ng California)

[Webpage ng Pagsusuri sa Paaralan ng Task Force ng Pagsusuri sa COVID-19 ng California](#) (Task Force ng Pagsusuri sa COVID-19 ng California)

[Patnubay ng CDPH sa Paggamit ng Mga Antigen na Pagsusuri para sa Dyagnosis ng Acute COVID-19](#) (Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng California)

[Patnubay para sa Mga Paaralang Gumagawa ng Waived Antigen Testing](#) (Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng California)

[Ang PLAYBOOK sa Mga Stand Up na Lokasyon ng Pagusuri na Batay sa Komunidad](#) (Departamento ng Pangkalusugan ng California Valencia Regional Laboratory)

[Listahan ng Mga Lab ng Task Force ng Pagsusuri sa COVID-19](#) (Task Force ng Pagsusuri sa COVID-19 ng California)

[Mga FAQ sa Pagsusuri para sa SARS-CoV-2](#) (US Food and Drug Administration)

[In Vitro Diagnostics EUAs](#) (Mga Naaprubahang Pahintulot sa Paggamit sa Emergency ng US Food and Drug Administration)